


7

# FILIPINO

## Unang Markahan – Modyul 3: PABULA



CO\_Q1\_Filipino7\_Module3

**Filipino – Baitang 7**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Unang Markahan – Modyul 3: PABULA**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	FAUZIYA ABTAHI- ADAM
<b>Editor:</b>	LELITA A. LAGUDA, ANTONETTE S. ESPORA
<b>Tagasuri:</b>	SALLY A. PALOMO
<b>Tagaguhit:</b>	LHRYN T. JARANILLA, SWELYN E. FORRO
<b>Tagalapat:</b>	GUINEVIER T. ALLOSO
<b>Tagapamahala:</b>	ALLAN G. FARNAZO GIBERT B. BARRERA ARTURO D. TINGSON, JR. PETER VAN C. ANG-UG JULIET F. LASTIMOSA SALLY A. PALOMO GREGORIO O. RUALES

**Department of Education – Region XII**

Office Address: Department of Education Region XII  
Office Address: Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal  
Telefax: (083) 2288825/ (083) 2281893  
Email Address: depedroxii.org Email: region12@deped.gov.ph

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

**Aralin**

**1**

# **Pabula: ANG BATANG PARUPARO**

**Isinulat ni: MUBARAK MALIGA TAHIR**

PANITIKAN: Pabula: Ang Batang Paruparo

**Pinakamahalagang Kasanayan sa Pampagkatuto:**

***Nahihinuha ang kalalabasan ng mga pangyayari batay sa akdang napakinggan. F7PN-lc-d-2***

Layunin:

Naipaliliwanag nang maayos ang pabula

Nailalarawan ang mga pangyayari sa akdang napakinggan

Nahihinuha ang kalalabasan ng mga pangyayari batay sa akdang napakinggan.



## ***Alamin***



Kumusta? Nariritong muli si Kokoy ang iyong kaibigan na nakahandang gumabay sa iyong paglalakbay.

Mahilig ka bang magmuni-muni habang lumalanghap ng sariwang hangin mula sa hardin o parke? Nasisiyahan ka bang makakita ng mga paruparo na may iba't ibang kulay?

Marahil naranasan mo nang magbasa ng iba't ibang kuwento patungkol sa mga hayop na kung saan sila ang gumaganap bilang tauhan.

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan patungkol sa Pabula. Kung saan ito nagsimula at kung sino ang Ama ng Pabula.

Kaya halina't magbasa upang matuto!



## **Subukin**

Bago tayo magpatuloy, may naihanda akong pagsusulit upang sagutin mo.



Isulat sa sagutang papel ang letra ng napiling sagot.

Ano ang tawag sa kuwento na hayop ang mga tauhan?

Alamat

Pabula

Kwentong-bayan

Maikling kuwento

Sino-sino ang gumaganap sa pabula?

mga hayop

mga bata

mga Diwata

mga matatanda

Sino ang tinaguriang Ama ng sinaunang pabula?

Aesop

Yousuf

Mansur

Kristoff

Bakit lumaganap ang pabula?

Dahil sa magandang aral sa buhay.

Dahil marami ng masasamang nilalang.

Dahil sa mga magagandang tauhan nito.

Dahil sa maraming hayop ang nakakapagbigay aral sa tao.

Bakit mahalagang pag-aralan ang pabula?

Dahil ito'y pampalipas oras ng mga bata.

Dahil ito'y nakapagpapalawak ng isipan at nagbibigay aral sa mga bata.

Dahil ito'y makakapukaw ng interes ng mga bata.

Dahil nakakatulong ito upang mahasa ang kanilang pagbasa.

Sino sino ang pangunahing tauhan ng pabulang “Ang Batang ParuParo”?

Pupa at malilit na paruparong bata

Pupa at dalawang magulang na paruparo

Batang lalaki at dalawang mag-asawang paruparo

Batang paru-paro at dalawang mag-asawang paruparo

Saan naganap ang kuwento ng paruparo?

Sa sakahan

Sa parke

Sa hardin

Sa bahay

Anong puno nakatira ang mag-asawang paruparo?

Puno ng atis

Puno ng bayabas

Puno ng mangga

Puno ng santol

Ano ang kulay ng babaeng paruparo?

Kulay rosas at dilaw ang mga pakpak

Kulay rosas at pula ang mga pakpak

Kulay pula at rosas ang mga pakpak

Kulay dilaw at rosas ang mga pakpak

Ano ang binabantayan ng dalawang mag-asawang paruparo araw-araw?

Ang kanilang anak na hindi pa nakalabas sa kaniyang pupa.

Ang kanilang kalaban na sumisira sa kanilang tahanan.

Ang mga taong kumukuha ng mga paru-paro.

Ang kanilang pagkaing iniimbak araw-araw.

Ano ang parating pakiusap ng kanilang anak sa kanila?

*“Itay! Inay! Gusto ko na po lumabas dito”*

*“Itay! Inay! Huwag niyo po akong iwan.*

*“Itay! Inay! Nagugutom na po ako!*

*“Itay! Inay! Mahal ko po kayo!*

Ano ang isinagot ng nanay sa batang paruparo?

*“Anak, hindi ka namin pababayaan.*

*“Anak, malapit na. Kaunting tiis na lamang, anak”*

*“Anak, mahal na mahal ka rin namin ng tatay mo”*

*“Anak, huwag kang lumabas hangga’t hindi namin sinasabi”*

Sa mensahe ng kaniyang ina ay tinuturuan siyang maging \_\_\_\_\_.

matatag  
matapang  
matalino  
matiisin

Bakit hindi pa siya pinayagan ng kaniyang dalawang magulang na lumabas sa kaniyang pupa?

Dahil sa hindi pa ito ang nakatakdang oras upang siya ay lumabas.

Dahil hindi ligtas sa mundo ng mga tao kaya mahigpit ang kanyang magulang.

Ikakapahamak niya kung padadaliin niya ang kaniyang paglabas sa kaniyang pupa.

Kakainin lamang siya ng ibang mga hayop kaya ninais ng mga magulang niya na manatili muna sa pupa.

Ano ang nag-udyok sa batang paruparo na lumabas pa rin sa kaniyang pupa?

Dahil sa masasayang kuwento na narinig niya mula sa dalawang batang paruparo.

Gusto na niyang makatulong sa mga ginagawa ng kaniyang dalawang magulang.

Nais na niyang lumipad gamit ang kaniyang iba't ibang kulay na mga pakpak.

Naiinip na siyang mag-antay ng matagal sa loob ng kaniyang pupa.



## **Balikan**

Natapos mo na bang sagutin ang Subukin? May ideya ka na ba sa pangyayari sa ating kuwento? Alam mo na rin ba kung sino-sino ang gaganap na tauhan sa akdang babasahin mo? Mga paruparo? Tumpak! Ang galing mo.

Ngunit bago iyan, sagutin mo muna ang sumusunod na mga gawain.




**Mga Tala para sa Mag-aaral**

May alaga ka bang hayop sa bahay? Bakit ito ang pinili mo? Paano mo ito mailalarawan? Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot sa tulong ng grapikong paghahanay na ito.

Magpatuloy tayo!

Gawain 1: **Ang Aking Alaga.** Isulat ang iyong pangalan sa hugis bilog, iguhit mo sa hugis puso ang alaga mong hayop at ilarawan ang kaniyang mga katangian sa kabilang dako.



Gawain II: **Paglinang ng Talasalitaan:** Hanapin at bilugan sa **puzzle** ang limang kasingkahulugan ng salitang **HATOL**. Ang mga salita ay maaring pahalang o pababa.

A	P	A	K	O	K	G	D	M	K
Y	B	D	A	N	O	I	U	A	U
S	P	A	R	U	S	A	F	X	R
A	E	F	U	I	E	A	B	Z	U
P	P	M	S	H	U	S	G	A	K
K	I	Y	A	Z	I	R	Y	A	U
J	O	A	B	T	A	H	I	V	R
D	E	S	I	S	Y	O	N	W	O





## **Tuklasin**

### **ANG BATANG PARUPARO**

*ni: Mubarak M. Tahir*

May isang sakahan na may maraming halaman. Ang mga halaman na iyon ay may mga mayayabong at luntiang dahon. Hindi na naaaninag ang mga munting damo dahil sa dami at makukulay na mga bulaklak. Sa gitna ng mga halaman at damo na iyon ay may nag-iisang puno ng mangga. Ang punong mangga na iyon ay sumisibol ang talulot ng bulaklak na kulay dilaw. Maraming sanga ang punong mangga, may malalaki at maliliit, may mahahaba at maiikli. Sa isang sanga, may dalawang mag-asawang paruparo. Ang babaeng paruparo ay kulay rosas at pula ang mga pakpak, habang ang lalaking paruparo naman ay may puti at dilaw na pakpak. Sa tuwing ilalantad nila ang kanilang mga pakpak ay tila bahaghari sa ganda ng mga kulay nito. May anak ang dalawang paruparo na hindi pa lumalabas ng kanyang pupa na nakadikit sa sanga ng punong mangga. Araw-araw ay binabantayan ito ng mag-asawang paruparo.

Isang araw, habang abala ang mag-asawang paruparo sa paghahanap ng pagkain sa mga bulaklak ay narinig nila ang kanilang anak.

*“Itay! Inay! Gusto ko nap o lumabas dito”* ang sabi ng batang paruparo.

Agad nilapitan ng mag-asawang paruparo ang kanilang anak.

*“Anak, malapit na. Kaunting tiis na lamang, anak”* sagot ng inang paruparo.

*“Huwag ka masyadong nagmamadali anak. Sa pagtatagal mo ryan sa loob ay iyan din ang igaganda ng iyong mga pakpak paglabas mo”* pagpapaliwanag ng amang paruparo sa kanyang anak.

Walang nagawa ang batang paruparo kung hindi ang manatili sa pupa nito, ngunit nadismaya ito.

Isang araw ay wala ang dalawang magulang ng batang paruparo upang maghanap ng pagkain sa mga halamang may maraming bulaklak, kaya naiwan ang kanilang anak. May dalawang batang paruparo na kailan lang nakalabas ng kani-kanilang pupa. Sa kanilang paglipad, napadpad ang mga ito sa tabi ng sanga ng punong mangga na kinalalagyan ng batang paruparo. Nagpahinga ang dalawa. Sa kanilang

pamamahinga ay napag-uasapan ng dalawa ang kanilang mga nakita at nadaanang magagandang tanawin.

*“Ang ganda ng mga bulaklak na ating nadaanan kanina! May pula, rosas, dilaw, ube at kahel at iba pang kulay!”* masayang kuwento ng isang batang paruparo.

*“Oo nga! Matatamis din ang mga katas nito. Bukas balik tayo ulit doon. Puntahan din natin ang malawak na palayan sa tabi ng ilog”* dagdag pa ng isang batang paruparo.

Hindi alam ng dalawang batang paruparo ay may naririnig sila ng batang paruparo na nasa loob ng pupa habang nag-uusap sila. Lalo itong nagganyak na lumabas na sa kanyang pupa. Dahil dito, pagdating na pagdating ng kanyang mga magulang ay pinilit niyang palabasin na siya ng mga ito.

*“Nay! Gusto ko na po umalis dito”* pamimilit niya sa kanyang inay.

*“Anak, gustuhin ko mang palabasin ka ngunit hindi pa maaari, baka ikapahamak mo lamang”* sabi ng kanyang ina.

*“Tay! Palabasin na po ninyo ako, gusto ko nap o makalipad at makipaglaro sa mga batang paruparo”* dugtong pa ng batang paruparo.

Walang nagawa ang batang paruparo kundi ang tumigil sa pamimilit sa kanyang magulang.

Sumunod na araw ay inabangan ng batang paruparo ang pag-alis ng kanyang mga magulang. Nagmanman siya sa labas sa pamamagitan ng kanyang pandinig. Maayos ang kanyang pagkakadikit sa kanyang kanang tainga sa bahay nito upang marinig niya ang pag-alis ng kanyang mga magulang. Nang makaalis ang kanyang magulang ay marahan siyang gumalaw sa loob ng kanyang bahay kahit masikip. Nilakasan nito. Binilisan niya ang pagyugyog hanggang sa lumuwag ang kapit ng bahay nito sa sanga. Habang tumatagal ay humihina ang kapit ng bahay niya sa sanga at di niya namalayang nahulog ito sa lupa, na walang damo at halaman. Malakas ang kanyang pagkahulog. Matagal din siyang hindi nakagalaw. Ramdam niya ang paghampas ng kanyang pupa sa mga bato. Nasaktan ang batang paruparo, ngunit sa kabila ng nangyari ay nagtagumpay siyang mabuksan ang pupa nito. Binilisan niyang ilantad ang kanyang mga pakpak ngunit hindi niya ito maigalaw dahil sa pagkakahampas nito sa bato. Hindi rin siya nakakatayo dahil sa bali na kanyang natamo.



## Suriin

Nagustuhan mo ba ang kuwentong nabasa mo? Ngayon naman ay sagutin mo ang sumunod na mga tanong upang masukat ang iyong kakayahan sa pag-unawa sa binasa.



### Pag-unawa sa Binasa

Basahin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

#### **Ako at ang Kuwento:**

Ang sagot ay makikita sa kuwento kaya muling balikan ang iyong sagot.

Ano ang ipinakitang pag-uugali ng batang paruparo sa kuwento?  
Paano naipakita ang pagsuway ng batang paruparo sa kaniyang mga magulang?  
Ibigay ang mga dahilan kung bakit naging suwail ang mga anak sa magulang.

Ano ang ipinakitang pag-uugali ng batang paru-paro sa kuwento?  
Paano naipakita ang pagsuway ng batang paru-paro sa kaniyang mga magulang?  
Ibigay ang mga dahilan kung bakit naging suwail ang mga anak sa magulang.

#### **Ako at ang May-Akda:**

Ang sagot ay nasa may-akda at sa iyo. Kaya pag-isipan mong mabuti.

**B. Sabihin mo:** Isulat sa iyong sagutang papel ang iyong hinuha.

Para sayo, ano ang hinuha mo sa kalalabasan ng kuwento? Ano na kaya ang mangyayari sa batang paruparo? Mapagtanto niya kaya ang kaniyang nagawang pagkakamali?

C. Sa iyong palagay, nasasalamín ba sa pabulang “**Ang Batang Paruparo**” ang pag-uugali ng mga batang Pilipino sa kasalukuyan? Ipaliwanag ang iyong sagot. Isulat ito sa sagutang papel.

---



---



---

PAMANTAYAN SA PAGGAWA	Puntos
Nilalaman/ pagpapalawig ng ideya	10
Gramatika (wastong bantas, paggamit ng malaking titik at pagbaybay)	5
Kalinisan	5
<b>kabuuan</b>	<b>20</b>



**ATING ALAMIN**

Sa puntong ito, may kaalaman ka na tungkol sa kuwentong nabasa mo at ito ay tinatawag na **pabula**. Gumaganap ang mga hayop bilang tauhan upang mabigyang buhay ang layon ng manunulat na maipadama sa mga mambabasa ang gintong-aral na matutuhan dito. Ngunit mas palalawigin pa natin ang iyong kaalaman.

Ang **pabula** ay isang maikling kuwentong kathang-isip lamang. Karaniwang isinasalaysay sa mga kabataan para aliwin gayundin ang magbigay ng pangaral. Ang mga tauhan ng kuwento ay pawang mga hayop. Mga hayop na kumakatawan o sumasagisag sa mga katangian o pag-uugali ng tao.

Si Aesop ang tinaguriang “ Ama ng mga Sinaunang Pabula” dahil sa napabantog niyang aklat, ang *Aesop’ s Fable*.

Itinuturo ng pabula ang tama, patas, makatarungan at makataong ugali at pakikitungo sa ating kapwa. Ang mga pabula ay lumaganap dahil sa magagandang aral sa buhay na ibinibigay nito.





Alam mo ba?

Ang **paghihinuha** ay isang kasanayang naglalayong hulaan ang kalalabasan ng pangyayari o kuwento. Madalas itong gamitin sa pagbabasa ng kuwento o nobela. Ito ay magagawa lamang ng mambabasa kung tunay na nauunawaan niya ang kanyang binabasang artikulo o seleksyon. Bilang karagdagan, maaaring gumamit ng mga salitang baka, tila, marahil, atbp sa pagbuo ng paghihinuha. Maliwanag na ba?



## Pagyamanin






Ngayong batid mo na ang mga impormasyon tungkol sa ating aralin, maaari mo ng sagutin ang sumusunod na gawain.



Punan ng sagot ang bawat *table* gamit ang **Estratehiyang PMI- Plus-Minus-Interesting**. Isulat nang mabuti ang iyong sagot.

<b>P</b> Isaalang-alang ang mga <b>POSITIBONG</b> bagay na nagustuhan mo sa bawat pangyayari ng kuwento.	<b>M</b> Isaalang-alang ang mga <b>NEGATIBONG</b> bagay na napansin mo sa bawat pangyayari sa kuwento.	<b>I</b> Isaalang-alang ang mga <b>NAKAKAWILI O NAKAKAPAGBIGAY-SAYA</b> sa iyo sa bawat pangyayari sa kuweto.

**IKUWENTO MONG MULI.** Naalala mo pa ba ang mga pangyayari sa pabulang iyong binasa? Ayusin ang mga larawan batay sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa pabula. Gamitin ang bilang 1-5. Isulat sa sagutang papel ang iyong mga sagot.

				
_____	_____	_____	_____	_____

**C** Ang bawat tauhan sa kuwento ay may iba't ibang katangiang ipinakita at ginagampanan. Isulat mo ito sa iyong sagutang papel gamit ang tsart sa ibaba.

Pangalan ng Tauhan	Katangian	Ginampanan
Ang nanay na paruparo		
Ang tatay na paruparo		
Ang batang paruparo		




## Isaisip

Mahusay ang ipinakita mong pagsagot sa mga gawain! Ngayon naman ay subukan mong gawin ito.




Ilarawan ang sitwasyon ng batang paruparo matapos niyang naisagawa ang kaniyang kagustuhan.

Larawan ng paruparo na bago  
Pang nakalabas sa kaniyang  
Pupa.



Ngayon, kumpletuhin mo ang pangungusap batay sa iyong natutunan sa modyul na ito.





## Isagawa

Natutuwa ako kaibigan kasi malapit mo nang matapos ang mga gawain sa araling ito. At alam kong marami ka ring matutuhan.

Mag-isip ka kung sino sa mga kakilala mo ang may ugaling nahahawig sa dalawang paruparong magulang. Bigyang-diin kung paano nila palakihin ang kanilang anak. Punan ang **Venn Diagram** sa ibaba ng kanilang mga katangian.




**Tatay na paru-paro**

**Nanay na paru-paro**

**Katangian**

**Pagkakatulad**

**Katangian**



B. Punan ang tsart sa ibaba ng iyong natutuhan mula sa tinalakay nating paksa. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

<b>Ang mga kaisipang aking natutuhan ay...</b>	
Nalaman kong	
Napatunayan kong	
Ikinatuwa ko ang	
Naniniwala akong	
Magagamit ko ang mga aral sa pabula sa totoong buhay sa pamamagitan ng	



<b>PAMANTAYAN SA PAGGAWA</b>	<b>Puntos</b>
Nilalaman/ pagpapalawig ng ideya	10
Gramatika (wastong bantas, paggamit ng malaking titik at pagbaybay)	5
Kalinisan	5
<b>kabuuan</b>	<b>20</b>



## ***Tayahin***



Binabati kita kaibigan sa iyong kagalingan sa pagsunod sa mga panuto sa lahat ng gawain. Upang lubos mong maunawaan ang ating aralin ay sagutin mo ang mga sumusunod na katanungan.

Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

Sino-sino ang gumaganap sa pabula?

mga hayop

mga bata

mga Diwata

mga matatanda

Sino ang tinaguriang Ama ng sinaunang pabula?

Aesop

Yousuf

Mansur

Kristoff

Ano ang tawag sa kuwento na hayop ang mga tauhan?

Alamat

Pabula

Kwentong-bayan

Maikling kuwento

Bakit lumaganap ang pabula?

Dahil sa magandang aral sa buhay.

Dahil marami ng masasamang nilalang.  
 Dahil sa mga magagandang tauhan nito.  
 Dahil sa maraming hayop ang nakakapagbigay aral sa tao.  
 Bakit mahalagang pag-aralan ang pabula?  
 Dahil ito'y pampalipas oras ng mga bata.  
 Dahil ito'y nakapagpapalawak ng isipan at nagbibigay aral sa mga bata.  
 Dahil ito'y makakapukaw ng interes ng mga bata.  
 Dahil nakakatulong ito upang mahasa ang kanilang pagbasa.  
 Sino sino ang pangunahing tauhan ng pabulang "Ang Batang Paru-Paro"?  
 Pupa at malilit na paru-parong bata  
 Pupa at dalawang magulang na paru-paro  
 Batang lalaki at dalawang mag-asawang paru-paro  
 Batang paru-paro at dalawang mag-asawang paru-paro  
 Saan naganap ang kuwento ng paru-paro?  
 Sa sakahan  
 Sa parke  
 Sa hardin  
 Sa bahay  
 Saang puno nakatira ang mag-asawang paru-paro?  
 Puno ng atis  
 Puno ng bayabas  
 Puno ng mangga  
 Puno ng santol  
 Ano ang binabantayan ng dalawang mag-asawang paru-paro araw-araw?  
 Ang kanilang anak na hindi pa nakalabas sa kaniyang pupa.  
 Ang kanilang kalaban na sumisira sa kanilang tahanan.  
 Ang mga taong kumukuha ng mga paru-paro.  
 Ang kanilang pagkaing iniimbak araw-araw.  
 Ano ang parating pakiusap ng kanilang anak sa kanila?  
*"Itay! Inay! Gusto ko na po lumabas dito"*  
*"Itay! Inay! Huwag niyo po akong iwan."*  
*"Itay! Inay! Nagugutom na po ako!"*  
*"Itay! Inay! Mahal ko po kayo!"*  
 Ano ang isinagot ng nanay sa batang paru-paro?  
*"Anak, hindi ka namin pababayaan."*  
*Anak, malapit na. Kaunting tiis na lamang, anak"*  
*"Anak, mahal na mahal ka rin namin ng tatay mo"*  
*"Anak, huwag kang lumabas hanggat hindi namin sinasabi"*  
 Sa mensahi ng kaniyang ina ay tinuturuan siyang maging \_\_\_\_\_.  
 Matatag  
 Matapang  
 Matalino  
 Matiisin  
 Bakit hindi pa siya pinayagan ng kaniyang dalawang magulang na lumabas sa kaniyang pupa?  
 Dahil sa hindi pa ito ang nakatakdang oras upang siya ay lumabas.

Dahil hindi ligtas sa mundo ng mga tao kaya mahigpit ang kanyang magulang.

Ikakapahamak niya kung padadaliin niya ang kaniyang paglabas sa kaniyang pupa.

Kakainin lamang siya ng ibang mga hayop kaya ninais ng mga magulang niya na manatili muna sa pupa.

Paano mo maiwasang hindi mapahamak sa iyong mga kagustuhan? Sundin ang mga kagustuhan ng mga kaibigan.

Sumunod sa payo ng magulang ng iyong kaibigan.

Sumunod sa batas na ipinapatupad sa loob ng tahanan.

Sundin ang iyong dalawang magulang dahil ito ang ikakabuti sa iyo.

Anong uri ng mga kabataan mayroon tayo sa kasalukuyan na mapag-aralan din sa akda?

Madasalin sa panginoon

Masunurin sa mga magulang

Makasarili sa kanilang desisyon

Mapusok sa kanilang kagustuhan



## Karagdagang Gawain

Gumawa ka ng sarili mong pabula na kapupulutan din ng aral ng mga mambabasa. Isulat ito sa isang malinis na papel. Gawing batayan ang sumusunod na pamantayan sa pagbuo ng sariling pabula.

Magaling! Mahusay ang ginawa mo kaibigan! Nagawa mo lahat ang mga gawain at nauunawaan mo ang ating paksa. Ito na ang huling gawain para sa modyul na ito.




PAMANTAYAN SA PAGGAWA	PUNTOS
<b>Nilalaman</b> (Nilalaman (Maayos na pagkasunod-sunod ng mga pangyayari--may simula, gitna, at wakas)	20%
<b>Pagka-orihinal</b> (Ikaw ang gumawa ng pabula)	10%
<b>Nagbibigay ng Aral</b> (Kapupulutan ito ng aral)	15%

<b>Kalinisan</b> (Malinis at maayos ang pagkakasulat)	5%
<b>Kabuuan</b>	50%



*Binabati kita kaibigan! Napakagaling mo! Natapos at napagtagumpayan mo ang aralin. Sana'y naiwan sa iyong isipan ang lahat ng mga napag-aralan natin sa araw na ito.*

*Bagaman tapos na tayo sa araling ito, ihandang muli ang iyong sarili sa panibago na namang aralin, ang **Modyul 4: TADBULOL: EPIKO NG MGA TBOLI***



## **Susi sa Pagwawasto**

No.	TAYAHIN	SUBUKIN
1.	A	B
2.	A	A
3.	B	A
4.	A	A
5.	B	B
6.	D	D
7.	A	A
8.	C	C
9.	A	B
10.	A	A
11.	B	A
12.	D	B
13.	C	D
14.	D	C
15.	D	A

### **Sanggunian**

Tahir, Mubarak M. *Ang Alamat ng Ilog ng Maguindanao, Mindanao State University.*

Peralta, Romulo N. et al. *Panitikang Asyano Kagamitan ng Mag-aaral sa Filipino 9*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)